# Paunawa ng Pamamaraan ng Pangangalaga

Hulyo 2018



THE LEGAL FRAMEWORK
for the Child-Centered Special Education Process

www.esc18.net

TEA
Texas Education Agency

# Talaan ng Nilalaman


Mga Pamamaraan ng Pangangalaga sa Espesyal na Edukasyon ........ 1
Nag-ampong Magulang bilang Magulang ........ 1
Paghahanap sa Bata (Child Find) ........ 2
Naunang Nakasulat na Paunawa (Prior Written Notice) ........ 2
Pagpayag ng Magulang (Parental Consent) ........ 3
Malayang Pang-edukasyong Pagsusuri ........ 4
Pamamaraan ng Pagdisiplina ........ 5
Mga Rekord na Pang-Edukasyon ........ 7
Boluntaryong Pagtatakda Ng Mga Magulang sa Pribadong Paaralan ........ 10
Pagtatdakda Sa Pribadong Paaralan Ng Mga Magulang Kapag May Problema Ang FAPE ........ 10
Paglipat ng Karapatan Kapag Ang Iyong Anak ay Edad 18 na ........ 11
Tumatayong Magulang (Surrogate Parent) ........ 11
Impormasyong para sa Espesyal na Edukasyon ........ 12
Paglutas ng mga Di-Pagkakaunawaan ........ 12
Mga Serbisyo ng Pagtulong sa IEP ng Estado ........ 12
Mga Serbisyo sa Pamamagitan ........ 13
Proseso ng Paglutas sa Reklamo ukol sa Espesyal na Edukasyon ........ 14
Programa ng Kinakailangang Proseso ng Pagdinig (Due Process Hearing Program) ........ 15

# Paunawa ng Mga Pamamaraan ng Pangangalaga

## Mga Karapatan ng Mga Magulang ng Mga Bata na May Kapansanan

Ang Individuals with Disabilities Education Act (**IDEA**), o Pagpapasiya sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan, sa ginawang pagbabago noong 2004, ay nag-oobliga sa mga paaralan na maglaan sa mga magulang ng isang bata na may kapansanan ng isang paunawa na naglalaman ng lubos na paliwanag ng mga pamamaraan ng pangangalaga na isinasagawa ng IDEA at ng mga ibang regulasyong isinasagawa nito. Ang dokumentong ito, na binuo ng Texas Education Agency (**TEA**), ay naglalayong gampanan ang obligasyon ng paunawang ito at tulungan ang mga magulang ng mga batang may kapansanan na maunawaan ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng IDEA.

### ■ Mga Pamamaraan ng Pangangalaga sa Special Education (Espesyal na Edukasyon)

Sa ilalim ng IDEA, ang tinutukoy na *parent* ay ang biyolohikong magulang, ang kinikilalang magulang, ang umampong magulang kung pinahihintulutan ng mga kinakailangan sa estado, isang taga-pangalaga, isang indibidwal na tumatayong biyolohikong magulang o umampong magulang (kasama na ang lolo at lola, madrasto o madrasta, o iba pang kamag-anak) kung kanino nakikitira ang bata, isang indibidwal na ligal na risponsable sa kapakanan ng bata, o isang nanay-nanayan/tatay-tatayan. Ang tinutukoy na *native language* kung ginagamit sa taong may limitadong kaalaman ng wikang Ingles ay nangangahulugan na wikang madalas na gamitin ng taong iyon. Kung ginagamit naman sa mga taong bingi o hirap na makarinig, ang *native language* ay ang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan na madalas na gamitin ng taong iyon.

Obligasyon ng paaralan na bigyan ka ng paunawang ito, ang *Notice of Procedural Safeguards*, isang beses lamang sa isang school year (taon ng pagpasok sa paaralan), maliban na lang sa pagbigay sa iyo ng isa pang kopya ng dokumento sa unang pagpapakilala o sa iyong paghiling ng isang pagsusuri, sa pagtanggap ng unang reklamo sa special education na isinampa sa TEA, sa pagtanggap ng unang proseso ng pagdinig ng reklamo sa isang school year; kapag isang pagpapasiya ang nabuo na magpapatupad ng isang pagpaparusa na nangangahulugang may pagbabago sa placement o pagtatakda, o sa iyong kahilingan.

Ikaw at ang paaralan ang gumagawa ng pagpapasiya ukol sa programang pang-edukasyon ng iyong anak sa pamamamagitan ng komite ng *admission (pagtanggap), review (pag-aaral), at dismissal (pagpapatiwalag)* (**ARD**). Ang komiteng ARD ang nagtitiyak kung ang iyong anak ay kwalipikadong tumanggap ng special education at iba pang kaugnay na serbisyo nito. Ang komiteng ARD ay nagpapa-unlad, pinag-aaralan, at nagbabago ng *individualized educational program* (**IEP**) (Programang Pang-Edukasyong Indibidwal) ng iyong anak, at nagtitiyak ng pagtatakdang pang-edukasyon ng iyong anak o educational placement. Mayroon pang karagdagang impormasyon ang paaralan ukol sa papel na ginagampanan ng komiteng ARD at ng IDEA sa kasamang dokumento, Parent's Guide to the Admission, Review, and Dismissal Process ( Gabay ng Magulang sa Proseso ng Pagtanggap, Pag-aaral, at Pagtitiwalag ) . Maari mo ring mahanap ito sa http://framework.esc18.net/.z

### ■ Nag-ampong Magulang bilang Magulang

Kung ikaw ay isang nag-ampong magulang para sa batang may kapansanan, ikaw ay maaring tumayong magulang kung ikaw ay sang-ayong lumahok sa paggawa ng mga desisyon para sa edukasyong espesyal at kapag ikaw ay nakakumpleto sa kinakailangang pagsasanay na programa bago ang susunod na pulong komite ng ARD ng bata, pero hindi hihigit pa sa ika-90 na araw pagkatapos mong magsimulang kumilos na magulang para sa layuning

gumawa ng mga desisyong tungkol sa espesyal na edukasyon ng bata. Sa sandaling makumpleto mo na ang aprubadong pagsasanay na programa, hindi mo na kinakailangang kumuha nito muli para kumilos bilang magulang ng parehong bata, o kumilos bilang magulang o nag-ampong magulang para sa ibang bata. Kapag nagpasya ang paaralan na hindi ka italaga bilang magulang para sa mga layunin ng pagpapasya sa espesyal na edukasyon, dapat itong magpadala ng sa iyo ng nakasulat na paunawa sa loob ng pitong araw ng kalendaryo matapos ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon. Dapat ipaliwanag sa paunawa ang mga dahilan ng LEA para sa desisyon nito at dapat ipaalam sa iyo na maaari kang maghain ng reklamo sa espesyal na edukasyon sa TEA.

## ■ Tumatayong Magulang (Surrogate Parent)

Kung, pagkatapos ng risonableng pagsisikap, hindi makilala ng paaralan o mahanap ang magulang ng isang bata, ayaw ng nag-ampong magulang o hindi maaaring magsilbi bilang magulang, ang bata ay hindi naninirahan sa nag-ampon na kalagayan ng tahanan o ang bata ay isang alaga (ward) ng estado, kailangang magtakda ang paaralan ng isang tatayong magulang na kikilos para sa tunay na magulang ng bata, maliban na lang kung ang bata ay alaga ng estado at naghirang ang korte ng tatayong magulang. Kailangan ring maghirang ang paaralan ng tatayong magulang para sa isang bata na walang kasama at tahanan, gaya ng binigyan ng kahulugan sa McKinney-Vento Homeless Assistance Act (Aktong McKinney-Vento sa Pagtulong ng Mga Walang Matirhan).

https://tea.texas.gov/index2.aspx?id=25769814474.

Upang maging karapat-dapat sa pagsisilbi bilang tumatayong magulang, ikaw ay dapat na hindi isang empleyado ng gobyerno, ng paaralan, o anumang ahensya na sangkot sa edukasyon o pangangalaga ng bata, at dapat na wala kang anumang interes na sumasalungat sa interes ng bata. Ang isang tao na hinirang bilang isang umampong magulang (surrogate parent) ay dapat na may sapat na kaalaman at kakayahan, nakahanda na magsilbi, magsagawa ng malayang pagpapasya sa pagpapatuloy sa interes ng bata, siguraduhin na ang ang karapatan sa angkop na karapatan ng bata ay hindi nalalabag, bisitahin ang bata at ang paaralan, repasuhin ang talang pang-edukasyon ng bata, pagkunsulta sa sinumang tao na sangkot sa edukasyon ng bata, dumalo sa mga pulong komite ng ARD, at kumpletuhin ang programa ng pagsasanay. Ang tao na hinirang ng paaralan para kumilos bilang umampong magulang ay dapat kumpletuhin ang pagsasanay na programa bago ang susunod na pulong komite ng ARD ng bata ngunit hindi hihigit sa ika-90 na araw matapos ang unang araw ng pagkahirang bilang umampong magulang. Sa sandali na makumpleto mo ang aprubadong programa ng pagsasanay, hindi mo na kinakailangang kumuha muli ng programa ng pagsasanay upang gumanap bilang magulang para sa batang iyon o magsilbi bilang magulang o tumayong magulang para sa iba pang bata.

## ■ Child Find (Paghanap sa Bata)

Ang lahat ng bata na may kapansanan at naninirahan sa estadong ito, na nangangailangan ng special education at mga kaugnay na serbisyo, pati na mga bata na may kapansanan na nag-aaral sa mga pribadong paaralan, ay kinakailangang makilala, mahanap, at masuri. Ang prosesong ito ay tinatawag na *Child Find.*

Bago simulan ang Child Find na aktibidad, kailangang ilathala o ikalat ang balita ng paunawa sa mga peryodiko o ibang media, o pareho, na may akmang pag-sakop sa pagpapa-unawa sa mga magulang ng aktibidad ng paghanap, pagkilala, at pagsusuri ng mga batang nangangailangan ng special education at mga serbisyong kaugnay.

## ■ Prior Written Notice (Naunang Nakasulat na Paunawa)

Karapatan mong mabigyan ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga pagpapatupad ng paaralan ukol sa pangangailangang special education ng iyong anak. Ang *Prior written notice* ay isang pangunang pagpapa-alam na nakasulat mula sa paaralan na ibinigay sa'yo ng hindi bababa sa limang araw ng pagpasok. Ang Naunang nakasulat na paunawang ito ay naglalayong magbigay ng impormasyon sa'yo na makakatulong na maisali ka sa proseso ng pagpapasiya ukol sa iyong anak.

Kailangang nakasulat ang paunawa sa wikang naiintindihan ng publiko at kailangang maisalin sa iyong katutubong wika o iba pang pamamaraan ng komunikasyon, maliban na lang kung hindi ito maaaring gawin.

Kung ang iyong katutubong wika o paraan ng pakikipag-ugnayan ay hindi wikang naisusulat, kailangang maisalin ng paaralan ang paunawa sa pangungusap o sa iba pang paraan sa iyong katutubong wika o ibang pamamaraan ng komunikasyon upang maunawaan mo. Kailangan rin ng paaralan ng nakasulat na ebidensiya na naisagawa ito.

Kailangang bigyan ka ng paaralan ng naunang nakasulat na paunawa bago sila magmungkahi na magsimula o magbago ng pagkakakilala, pagsusuri, o pang-edukasyon na placement/pagtatakda ng iyong anak o ng *free appropriate public education* **(FAPE)** (libreng wastong pam-publikong edukasyon) na ibinibigay sa'yong anak. Mayroon ka ring karapatan sa naunang nakasulat na paunawa bago tumanggi ang paaralan na magsimula o magbago ng pagkilala, pag-aaral, o pagtatakda/placement na pang-edukasyon ng iyong anak o ng FAPE na ibinibigay sa'yong anak. Kailangang maibigay ng paaralan ang naunang nakasulat na paunawa, pumayag ka man o tumanggi sa mga pagbabago, o hiningi mo ito.

Kailangang maisama ng paaralan sa naunang nakasulat na paunawa ang :pagsasalalarawan ng mga pagsasagawang iminungkahi o tinangging gawin ng paaralan, isang paliwanag kung bakit nagmungkahi o tumanggi sa pagkilos ang paaralan dito, isang pagsasalarawan ng bawat paraan ng pagsusuri, rekord, o report (pag-uulat) na ginamit ng paaralan sa pagpapasiya ng pagmungkahi o pag-tanggi sa pagkilos, isang pahayag na mayroon kang pangangalaga mula sa pamamaraan ng pangangalaga ng IDEA, isang paliwanag kung paano makakakuha ng kopya ng Notice of Procedural Safeguards; impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal o samahan na makakatulong sa'yong maunawaan ang IDEA; isang pagsasalarawan ng iba pang mapagpipilian para sa iyong anak ng komite ng ARD at mga dahilan kung bakit hindi pumasa ang mga napagpilian, at pagsasalarawan ng iba pang dahilan kung bakit iminungkahi o itinanggi ng paaralan ang pagkilos na'yon.

Kailangang bigyan ka ng paaralan ng naunang nakasulat na paunawa ng di kukulang sa limang araw ng pagpasok bago ito magmungkahi o tanggihang gawin maliban na lang kung ikaw ay sumang-ayon sa mas maikling timeframe o panahon.

Kailangang nakasulat ang paunawa sa wikang maiintindihan ng publiko at naisalin sa iyong katutubong wika o iba pang paraan ng pakikipag-usap, maliban kung ito ay hindi maaaring gawin.

Kung ang iyong katutubong wika o iba pang paraan ng pakikipag-usap ay hindi wikang naiisulat, kailangang isalin ng paaralan ang paunawa ng pasalita o sa iba pang paraan sa iyong katutubong wika o iba pang paraan ng pakikipag-usap upang maunawaan mo. Kailangan ng paaralan ng nakasulat na ebidensya na ginawa ito.

Kung, sa ano mang oras pagkatapos magsimulang magbigay sa inyong anak ang paaralan ng special education at mga kaugnay na serbisyo, iurong nyo ang inyong pagpayag para sa mga serbisyo, kailangang hindi ituloy ng paaralan ang pagbibigay ng special education at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak. Gayunpaman, bago bawiin ang mga serbisyo, kailangang magbigay ang paaralan ng naunang nakasulat na paunawa.

Ang isang magulang ng bata na may kapansanan ay maaaring magpasabi na nais nyang tumanggap ng nakasulat na paunawa sa pamamagitan ng electronic mail (e-mail), kung ihahandog ito ng paaralan.

### ■ Parental Consent (Pagpayag ng Magulang)

Kailangang makakuha ang paaralan ng iyong pinagpa-alam na pagpayag bago ito makagawa ng kahit na anong pagkilos.Ang iyong *informed consent* ay nangangahulugan na nabigyan ka ng lahat ng impormasyon na may kaugnayan sa pagkilos na kumailangan ng iyong permiso sa iyong katutubong wika , o sa ibang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan; nauunawaan mo at nagbigay ka ng pagpayag na naka-sulat sa aktibidad na kumailangan ng iyong permiso, at ang nakasulat na pagpayag ay naglalarawan ng aktibidad at listahan ng ano mang record na ipapa-abot at kung kanino, at nauunawaan mo na ang pagbibigay ng iyong pagpayag ay boluntaryo at maaaring iurong sa ano mang oras.

Kung nais mong bawiin ang iyong pagpayag sa pagpapatuloy na pagbibigay ng special education at mga kaugnay na serbisyo, kailangan mong ipaalam ito na nakasulat. Kung magbigay ka ng pagpayag at bawiin ito, ang iyong pagbawi ay walang balik-bisa.

Kailangang ipanatili ng paaralan ang dokumentasyon ng mga risonableng pagsisikap na makamtan ang pagpayag ng magulang. Kailangang maglaman ang dokumentasyon ng record ng mga pagtatangka ng paaralan na kumuha ng pagpayag, gaya ng detalyadong mga record ng telepono, mga kopya ng mga palitan ng ugnayan/pagliham at mga detalyadong record ng mga pagbisita sa inyong tahanan o lugar na pinagtatrabahuhan.

- **Unang Pagsusuri** Bago isagawa ang unang pagsusuri ng iyong anak upang malaman kung sya ay kwalipikado bilang bata na may kapansanan sa ilalim ng IDEA, kailangang bigyan ka ng paaralan ng naunang nakasulat na paunawa ng iminungkahing pagsusuri at kunin ang iyong pinagpa-alam na pagpayag. Kailangang gawin ng paaralan ang lahat ng risonableng pagsisikap na makuha ang iyong pagpayag para sa unang pagsusuri. Ang iyong pagpayag sa unang pagsusuri ay hindi nangangahulugan na ibinigay mo na rin ang iyong pagpayag sa paaralan na simulan na rin na ibigay sa iyong anak ang mga serbisyo ng special education. Kung ang iyong anak ay isang alaga ng estado at hindi naninirahan kasama mo, hindi inu-obliga ang paaralan na hingin ang iyong pagpayag kung hindi ka nila mahanap o kung ang iyong mga karapatan bilang magulang ay tinapos o ibinigay sa iba sa pag-uutos ng korte.

- **Mga Unang Serbisyo** Kailangan rin ng paaralan ang iyong pinag-paalam na pagpayag upang makapagbigay sila sa iyong anak ng mga special education na serbisyo sa unang pagkakataon. Kung hindi ka tumugon sa hiling na magbigay ng iyong pagpayag para sa mga naunang serbisyo, tumangging magbigay ng iyong pagpayag, o magbigay ng pagpayag at pagkatapos ay bawiin ang iyong pagpayag sa isang kasulatan, ang paaralan ay hindi lumalabag sa obligasyon na magbigay sa FAPE at hindi kinakailangang magpulong ang komiteng ARD o bumuo ng IEP para sa'yong anak.

- **Panibagong Pagsusuri** Kailangang kunin ng paaralan ang iyong pagpayag na muling masuri ang iyong anak maliban na lang kung maipakita na nagawa nila ang lahat ng risonableng pagsisikap na kunin ang iyong pagpayag ngunit hindi ka tumugon.

- **Pamamaraang Sumasaklaw** Kung ang iyong anak ay naka-enroll sa pam-publikong paaralan at tumanggi kang magbigay ng pagpayag sa unang pagsusuri o panibagong pagsusuri, maaari ang paaralan, kahit hindi ito obligado, na ipagpatuloy ang pagsusuri o panibagong pagsusuri ng iyong anak sa paggamit ng pamamagitan o ayon sa pamamaraang kinakailangan (due process). Kahit pa man ipag-utos ng due process hearing officer sa paaralan na suriin ang iyong anak ng hindi mo pinayagan, hindi naman maaaring ipag-utos ng hearing officer na bigyan ng mga special education na serbisyo ang iyong anak ng hindi ka pumayag.

Kung sa una ay binigay mo ang iyong pagpayag na tumanggap ng mga serbisyo ang iyong anak at pagkatapos ay bawiin ang iyong pagpayag ng pasulat sa pagtuloy ng pagbigay ng serbisyo pagkatapos na ibinigay ito ng paaralan, hindi maaaring gamitin ng paaralan ang proseso ng pamamagitan upang makuha ang iyong pagpayag o kahit sa pamamaraang kinakailangan para lamang makakuha ng pag-uutos mula sa hearing officer para ipagpatuloy ang mga serbisyo.

Hindi kailangan ang iyong pagpayag bago pag-aralan ng paaralan ang mga datos na parte na ng pagsusuri ng iyong anak o panibagong pagsusuri o bigyan ng pagsubok ang iyong anak o ibang pagsusuri na binibigay sa lahat ng bata maliban kung kinakailangan ang pagpayag ng magulang para sa lahat ng bata. Hindi maaaring gamitin ng paaralan ang iyong pagtanggi sa pagpayag sa isang serbisyo o aktibidad upang tanggihan ka o ang iyong anak ng ano mang serbisyo, benepisyo, o aktibidad.

## ■ Malayang Pang-Edukasyong Pagsusuri

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pagsusuri na binigay ng paaralan, mayroon kang karapatang humiling na suriin ang iyong anak, na gagastusan ng publiko (public expense), ng isang tao na hindi nagtatrabaho sa paaralan. Ang p*ublic expense* ay nangangahulugan na babayaran ng paaralan ang lahat ng gastos sa pagsusuri o sisiguruhin na ang pagsusuri ay isasagawa ng walang gastos sa iyo. Ang *independent educational evaluation* **(IEE)** ay isang pagsusuri na isasagawa ng isang kwalipikadong tao na hindi namamasukan sa paaralan ninyo. Kapag humingi ka ng IEE, kailangang bigyan ka ng impormasyon ng paaralan tungkol sa panukatan ng pagsusuri (evaluation criteria) nito at kung saan makakakuha ng IEE.

Maaaring alamin sa iyo ng paaralan kung bakit ka hindi sumasang-ayon sa pagsusuri, ngunit hindi maaaring ipagpaliban ng paaralan ng walang wastong dahilan o ipagkait ang IEE sa pag-obliga sa'yong ipaliwanag ang iyong hindi pagsang-ayon.

Mayroon kang karapatan sa isa lamang na IEE na gagastusan ng publiko sa bawat pagkakataon na ang paaralan ay magsagawa ng isang pagsusuri na hindi mo sinang-ayunan. Kung hiningi mo sa paaralan na bayaran nila ang IEE, kailangang bayaran ito ng paaralan o humiling ng due process hearing (kinakailangang proseso ng pagdinig) ng walang di-kailangang pagpapaliban upang mapakita na akma ang pagsusuri nito.

- **IEE Criteria (Panukatang IEE)** Kung ang IEE ay gagstusan ng publiko, ang panukatan kung saan nakuhaang pagsusuri, kasama na ang pangyayarihan ng pagsusuri at katangiang kailangan ng magbibigay ng pagsusuri (examiner), ay kailangang gaya sa panukat na ginagamit ng paaralan sa pagsimula nito ng isang pagsusuri (hanggang sa lubos na panukat na kaugma sa iyong karapatan sa isang IEE). Maliban sa mga panukat na naisalarawan sa itaas, hindi maaaring mag-obliga ng mga kundisyon o itiniraryo ang paaralan na may kaugnayan sa pagkuha ng IEE na gagastusan ng publiko.

    - **Pagpapasya ng Hearing Officer (Hearing Officer Determination)**—Kung humiling ang paaralan ng due process hearing at matiyak ng hearing officer na ang pagsusuri ng paaralan ay akma o na ang IEE na nakuha mo ay hindi papasa sa panukatang IEE ng paaralan, hindi kailangang bayaran ng paaralan ang IEE.

    - **IEE na Pribadong Gastos** Lagi kang may karapatang kumuha ng IEE sa sarili mong gastos. Kahit sino pa man ang gumastos dito, kailangang isa-alang-alang ng paaralan ang IEE sa ano mang pagpapasya ukol sa pagbibigay ng FAPE sa iyong anak kung ang IEE ay pumasa sa panukat ng paaralan. Maaari mo ring iharap ang IEE bilang ebidensya sa isang due process hearing.

    - **IEE Na Ipinag-utos ng Hearing Officer** Kung ipag-utos ng hearing officer ang isang IEE bilang parte ng due process hearing, kailangang bayaran ito ng paaralan.

## ■ Pamamaraan ng Pag-Disiplina

Kung lumabag ang iyong anak sa code of conduct (batas ng wastong asal) ng paaralan, kailangang sundan ng paaralan ang ilang mga pamamaraan ng pag-disiplina kung tatanggalin nito ang iyong anak sa pangkasalukuyang placement/pagtatakda at ang pagtanggal ay nagtatatag ng isang proseso ng change in placement.

- **Pagtatanggal: Hindi isang Change of Placement** Kung ang iyong anak ay lumabag sa code of conduct ng paaralan, maaaring tanggalin ng paaralan ang iyong anak sa kanyang pangkasalukuyang placement sa loob ng 10 araw ng pagpasok o kulang pa sa isang school year, gaya ng ginagawa nito sa pag-disiplina ng mga bata na walang kapansanan. Hindi inu-obliga ang paaralan na magbigay ng mga serbisyong pang-edukasyon sa panahon ng mga panandaliang pagtatanggal na ito maliban na lang kung ang mga serbisyo ay binibigay sa mga bata na walang kapansanan. Kung piliin ng paaralan na isuspinde ang iyong anak, sa ilalim ng batas ng estado, ang pag-suspinde ay hindi maaaring humigit sa tatlong araw ng pagpasok (three school days).

Kung matanggal ang iyong anak sa kanyang pangkasalukuyang pagtatakda/placement ng 10 araw ng pagpasok sa isang school year, may karagdagang karapatan ang iyong anak sa mga susunod pang araw ng pagtanggal. Kung ang susunod pang pagtanggal ay hindi hihigit sa magkakasunod na sampong araw at hindi isang pagbabago ng pagtatakda, ang isang namamasukan sa paaralan, sa pakikipag-sangguni sa isa man lang na guro ng iyong anak, ay kailangang matiyak ang lubos na sukat ng mga serbisyo na kakailanganin upang maipagpatuloy ng bata ang pagsali sa pangkalahatang pang-edukasyong kurikulum (general education curriculum), gayunman sa ibang pagkakataon, at sa pagsulong patungo sa pagpasa sa mga layuning itinatag sa IEP ng bata.

♦ **Pagtatanggal: Change of Placement** Mababago ang pagtatakda ng iyong anak kung ang pagtatanggal ay higit pa sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok o kung ang pagkakasunod ng mas maikling pagtanggal ay bubuo ng higit pa sa 10 araw ng pagpasok at nagiging pattern o huwaran. Kapag nagpapasya kung nagiging huwaran ang pagtatanggal, kailangang isa-alang-alang ng paaralan kung ang pagkilos ng bata ay nagagaya halos sa pagkilos ng bata sa mga nakaraang insidente na nagbunga ng pagkakasunod-sunod na pagtatanggal, at mga sanhi gaya ng haba ng bawat pagtanggal, kabuuan ng panahon na natanggal ang bata, at kung gaano kadalas ang bawat pagtatanggal sa isat-isa. Kahit pa ang huwaran ng pagtatanggal ay nagbubunga ng pagbabago sa pagtatakda at ito ay tinitiyak sa baseng “case-by case” ng paaralan at, kung hahamunin, ito ay dadaan sa pagsubok sa ilalim ng due process at palakad ng hustisya (judicial proceedings).

Sa petsa ng pagpapasya na gawin ang pagbabago sa pagtatakda ng iyong anak dahil sa paglabag ng code of conduct, kailangang masabihan ka ng paaralan tungkol sa napagpasya at bigyan ka ng *Notice of Procedural Safeguards* na ito.

Sa loob ng 10 araw ng ano mang pagpapasya na baguhin ang pagtatakda ng iyong anak dahil sa isang paglabag ng code of conduct, ang paaralan, ikaw, at mga nauukol na kasapi ng komiteng ARD (sa pagtitiyak mo at ng paaralan) ay kinakailangang magsagawa ng isang *manifestation determination review* **(MDR)** o pag-aaral sa pagtitiyak ng nakikita**.**

Sa pagsasagawa ng MDR, kailangang mapag-aralan ng mga kasapi ang lahat ng impormasyong may kaugnayan sa file ng iyong anak, kasama na ang IEP ng iyong anak, ano mang mga napapansin ng guro, at ano mang may kaugnyan na impormasyong ibibigay mo. Titiyakin ng mga kasapi kung ang ikinilos ng iyong anak ay bunga ng pagkabigo ng paaralan na ipatupad ang IEP ng iyong anak o kung ang ikinilos ng iyong anak ay sanhi ng o may kaugnayan sa kapansanan nya. Kung matiyak ng mga kasapi na isa sa mga kundisyon na ito ay nagaganap, kailangang isa-alang-alang na ang ikinilos ng iyong anak ay isang pakita lamang ng kapansanan ng bata.

♦ **Kapag ang Ikinikilos ay Pakita Lamang** Kung ang pagkilos ng iyong anak ay isang pakita lamang ng kanyang kapansanan, kailangang magsagawa ng *functional behavioral assessment* **(FBA) (**pagtatasa ng punsiyunal na pagkilos) ang komiteng ARD**,** maliban na lang kung nagsagawa na ito bago pa naganap ang pagkilos na naging sanhi ng pagbabago ng pagtatakda, at magpatupad ng *behavioral intervention plan* **(BIP)** (plano ng pamamagitan sa pagkilos) para sa iyong anak. Kung saan ang BIP ay nabuo na, kailangang pag-aralan ng komiteng ARD ang BIP at baguhin kung kinakailangan upang matugunan ang pagkilos ng bata. Kung ang pagkilos ng iyong anak ay bunga ng pagkabigo ng paaralan na magpatupad ng IEP ng iyong anak, kailangang gumawa ng mga hakbang kaagad ang paaralan upang malunasan ang mga kakulangan. Sa pagwawakas, liban sa mga espesyal na kalagayan na isinalarawan sa ibaba, kailangang ibalik ang bata ng komiteng ARD sa placement o pagtatakda kung saan sya

natanggal, maliban na lang kung nagkasundo kayo ng paaralan na baguhin ang pagtatakda bilang pagbabago sa BIP.

- **Espesyal na Kalagayan** Maaaring tanggalin ng paaralan ang iyong anak at ilagay sa *interim alternative educational setting* **(IAES)** (pansamantalang alternatibong kapaligiran ng pag-aaralan) ng hindi magtatagal sa 45 na raw ng pagpasok ng walang pagsa-alang-alang sa kung natiyak ang pagkilos ay isang pakita ng kapansanan ng iyong anak kung ang bata ay: magdala ng armas o magmay-ari nito sa paaralan, sa loob ng bakuran ng paaralan, o magdala nito sa isang pagtitipon ng paaralan; pagtataglay ng buong kaalaman sa pagmamay-ari at paggamit ng bawal na droga, o pagbenta o pagbili sa mga nagbebenta ng mga bawal na droga, sa loob ng bakuran ng paaralan, o sa isang pagtitipon ng paaralan; o siryosong nakasakit ng ibang tao habang nasa paaralan, sa loob ng bakuran ng paaralan, o sa pagtitipon ng paaralan.

- **Kapag ang Ikinikilos ng Iyong Anak ay Hindi Isang Pakita Lamang** Kapag ang pagkilos ng iyong anak ay hindi isang pakita lamang ng kanyang kapansanan, siya ay maaaring madisiplina gaya ng paraan at sa parehong tagal ng pagdisiplina ng ibang bata na walang kapansanan maliban na lang kung ang iyong anak ay kinakailangang tumanggap ng FAPE.

- **Alternatibong Kapaligiran** Kung ang iyong anak ay matanggal sa kanyang pangkasalukuyang pang-edukasyong pagtatakda dahil sa espesyal na kalagayan o dahil sa ang pagkilos ay hindi isang pakita lamang ng kapansanan ng iyong anak, kailangang matiyak ang IAES ng komiteng ARD ng iyong anak.Tuloy ang pagtanggap ng iyong anak ng mga serbisyong pang-edukasyon hanggat kinakailangan upang tumanggap ng FAPE. Kinakailangan na ang mga serbisyo ay matulungan ang bata na ituloy ang pagsali sa pangkalahatang kurikulum na pang-edukasyon, gayunman sa ibang pagkakataon, at sa pagsulong patungo sa pagtupad ng mga layunin na itinatag ng IEP. Kailangang tumanggap ang iyong anak, sa paraang akma, ng FBA, mga serbisyong mamamagitan sa pagkilos (behavioral intervention services), at mga pagbabago na dinisenyong bigyang lunas ang mga pagkilos upang hindi na ito maulit.

- **Expedited Due Process Hearing (Pinadaling Proseso ng Pagdinig)** Kung hindi ka sumasang-ayon sa ano mang pasya ukol sa pagtatakdang disiplina o pagtitiyak ng pakita, mayroon kang karapatang humiling ng pinadaling proseso ng pagdinig. Bilang karagdagan, kung naniniwala ang paaralan na ang pananatili ng iyong anak sa kanyang pangkasalukuyang pagtatakda ay magiging sanhi ng pinsala sa kanya o sa ibang tao, maaaring humiling ang paaralan ng pinadaling proseso ng pagdinig. Kailangang maganap ang pagdinig sa loob ng 10 araw ng pagpasok mula sa petsa ng paghiling. Kailangang makagawa ng pagtiyak ang hearing officer sa loob ng 10 araw ng pagpasok pagkatapos ng pagdinig. Maliban na lang kung ikaw at ang paaralan ay magkasundo, kailangang manatili ang iyong anak sa isang IAES hanggang makagawa ng pagtiyak ang hearing officer o kung ang pagtatakda ng IAES ng paaralan ay matapos, anuman ang maunang maganap.

  Kapag humiling ang paaralan ng expedited due process hearing, maaaring mag-utos ang hearing officer ng patuloy na pagtatakda sa isang akmang IAES ng hindi hihigit sa 45 araw ng pagpasok kung ang pagpapanatili ng pagtatakdang IEP ng iyong anak ay maaaring magsanhi ng pinsala sa iyong anak o sa ibang tao. Maaaring mag-utos ang hearing officer ng pagtatakdang IAES kahit na ang mga pagkilos ng iyong anak ay pakita ng kanyang kapansanan. Bilang alternatibo, maaaring magpasya ang hearing officer na ibalik ang iyong anak sa pagtatakda kung saan sya natanggal.

- **Proteksyon para sa mga Bata na Hindi Pa Natitiyak Kung Karapat-dapat sa Special Education**—Kung may kaalaman ang paaralan na ang iyong anak ay may nakasama na batang may kapansanan bago naganap ang pagkilos na naging sanhi ng pagdisiplina, nasa kanya ang lahat ng mga karapatan at

proteksyon ng isang bata na may kapansanan sa ilalim ng IDEA. Tinuturing ang paaralan na may kaalaman kung ipina-alam mo ang iyong mga pagbabahala sa isang sulat sa administrador o guro na ang iyong anak ay nangangailangan ng special education at mga kaugnay na serbisyo; humiling ka ng pagsusuri ng iyong anak na sumusunod sa IDEA; o ang isang guro ng iyong anak o iba pang tauhan ng paaralan ay nagpabatid ng partikular na pagbabahala ukol sa huwarang pagkilos na naipakita ng iyong anak mismo sa direktor ng special education o ng iba pang nangangasiwang tauhan.

Itinuturing na walang kinalalaman ang paaralan kung tumanggi kang magbigay ng pagpayag sa isang pagsusuri ng IDEA; tumanggi ka sa mga serbisyong IDEA na may kaugnayan sa iyong anak; o sinuri ang iyong anak at natiyak na hindi sya karapat-dapat sa mga serbisyong special education.

Kung sa una ay binigay mo ang iyong pagpayag para sa mga serbisyo at pagkatapos ay binawi mo ang iyong pagpayag sa isang kasulatan para sa pagtuloy ng pagbibigay ng mga serbisyo pagkatapos na simulan ng paaralan ang pagbibigay ng mga serbisyo, tumanggi ka sa mga serbisyo ng IDEA, at maaaring mabigyan ng pagdisiplina ang iyong anak gaya ng mga parusang ginagawad sa mga batang walang kapansanan at hindi karapat-dapat sa mga proteksyon ng IDEA.

Kung humiling ka ng paunang pagsusuri ng iyong anak habang siya ay pumapailalim sa pagdidisiplina, ang pagsusuri ay kinakailangang ipatupad sa pinadali at pinabilis na paraan. Hanggat hindi natatapos ang pagsusuri, mananatili ang iyong anak sa pagtatakdang pang-edukasyon na tiniyak ng mga may-kapangyarihan sa paaralan, na maaaring maglaman ng pagsuspinde o pagtatalsik ng walang serbisyong pang-edukasyon.

♦ **Pagsangguni sa at Pagkilos ng Mga May Kapangyarihan at Hustisya** Hindi ipinagbabawal ng IDEA ang paaralan na isumbong ang mga krimen na ginawa ng isang batang may kapansanan sa mga naaakmang maykapangyarihan o hadlangan ang mga pulis ng estado at hustisya sa kanilang pagsasagawa ng kanilang mga pananagutan na patungkol sa pagpapatupad ng mga batas pederal at batas ng estado sa mga krimen na ginawa ng isang batang may kapansanan. Kung isumbong ng paaralan ang krimen na ginawa ng batang may kapansanan, kailangang masiguro ng paaralan na ang mga kopya ng mga rekord ng special education at pagdisiplina ng bata ay maipasa rin at maisa-alang-alang ng may kapangyarihan kung saan isinumbong ang krimen; Gayunman, ang mga record na ito ay maipapasa lamang sa lubos ng pinahihintulutan ng *Family Educational Rights and Privacy Act* (**FERPA**) (Pagpapasya ng Mga Pang-Edukasyong Karapatan at Pagka-Pribado nga Pamilya).

## ■ Mga Rekord na Pang-Edukasyon

*Ang mga rekord na pang-edukasyon* ay ang mga rekord na direktang umuugnay sa iyong bata at pinananatili ng paaralan o grupong kumikilos para sa paaralan, ito ay paksa para sa iilang mga eksepsyong tinukoy sa FERPA at ng pagpapatupad ng mga regulasyon nito sa 34 *Code of Federal Regulations* (CFR) Part 99 (34 Alituntunin ng Pederal na Regulation Bahaging 99).

Mayroon kang karapatang pag-aralan ang buong pang-edukasyong rekord ng iyong anak kasama ang mga parteng may kinalalaman sa special education. Maaaring ipagpalagay ng paaralan na may kapangyarihan ka na siyasatin at suriin ang mga rekord na may kaugnayan sa iyong anak maliban na lang kung napayuhan kang wala kang kapangyarihan sa ilalim ng nararapat na batas ng estado na namamahala sa mga bagay gaya ng tagapag-alaga (guardianship), paghihiwalay (separation), at diborsyo. Maaari ka ring magbigay permiso sa iba na pag-aralan ang rekord ng iyong anak. Kapag hiningi mong pag-aralan ang mga rekord, kailangang ibigay ito ng paaralan ng hindi maaantala at bago pa magpulong ang komiteng ARD o maisagawa ang ano mang due process hearing o resolution session (pulong ng pagpapasya), at di sa ano mang dahilan ay hihigit ng 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng paghiling

- **Pagpapalinaw, Mga Kopya, at Mga Bayarin** Kung magtatanong ka, kailangang ipaliwanag at isalin ng paaralan ang mga rekord, sa loob ng kanilang kakayahan. Kailangang gawan ka ng mga kopya ng paaralan kung iyon lang ang paraan mo na masiyasat at mapag-aralan ang mga rekord. Hindi pwedeng singilin ka ng paaralan para maghanap sila o kunin ang mga pang-edukasyong rekord ng iyong anak. Gayunpaman, makaka-singil sila para sa pagpapakopya, kung ang sisingilin ay hindi magiging hadlang sa'yo sa pagsiyasat at pag-aaral ng mga rekord.

- **Impormasyon ukol sa Higit sa Isang Bata** Kung kasama sa anu mang pang-edukasyong rekord ang impormasyon ukol sa higit sa isang bata, mayroon kang karapatang siyasatin at pag-aralan lang ang mga impormasyon patungkol sa iyong anak, o masabihan ng mga partikular na impormasyon.

Mayroon kang karapatang humiling at makakuha ng listahan ng mga uri at lugar ng edukasyon na tinipon, pinanatili, o ginamit ng paaralan.

Pinahihintulutan ng FERPA ang ilang indibidwal, kasama na ang mga opisyal ng paaralan, na makita ang rekord ng iyong anak ng hindi mo binibigay ang iyong pagpayag. Sa halip, kailangang makuha ang iyong pagpayag bago maisiwalat ang mga impormasyong pampersonal na pagpapakilala sa ibang indibidwal. Kasama sa mga *Impormasyong Nagbibigay ng Pagpapakilala (Personally identifiable information)* ang mga sumusunod: pangalan ng iyong anak, ang iyong pangalan bilang magulang, o pangalan ng ibang kapamilya, ang iyong tirahan; isang pam-personal na pagpapakilala (identifier) (gaya ng social security number); o isang listahan ng mga katangian na hinahayaang makilala ang katauhan ng iyong anak ng may resonableng kasiguruhan.

Ang iyong pagpayag, o ang pagpayag ng karapat-dapat na bata na umabot na sa hustong gulang sa ilalim ng batas ng estado, ay kailangang makuha bago maisiwalat ang mga impormasyong pampersonal na pagpapakilala sa mga opisyal ng mga kasaling ahensya na nagbibigay o nagbabayad para sa mga serbisyo sa paglilipat (transition services). Kung papasok ang iyong anak, o sya ay may planong pumasok, sa isang paaralang pribado na ang kinalalagyan ay hindi sa parehong distritong pampaaralan kung saan ka naninirahan, kailangang makuha ang iyong pagpayag bago maisiwalat ang mga impormasyong pampersonal na pagpapakilala patungkol sa iyong anak sa mga opisyales ng pampaaralang distrito ng pribadong paaralan at ng mga opisyales ng distrito kung saan ka naninirahan.

Kailangang magtago ang paaralan ng log o talaan ng lahat ng tao (maliban sa'yo at mga pinahihintulutan na opisyales ng paaralan) na nagbasa at nag-aral ng special education na rekord ng iyong anak, maliban na lang kung nagbigay ka ng pagpayag sa pagsisiwalat. Kailangang maglaman ang log na ito ng pangalan ng tao, petsa kung kailan nabigyan sya ng pagkakataong makita ang rekord, at dahilan kung bakit sya nabigyan ng permisong gamitin ang rekord.

Kailangang akuin ng isang opisyal sa paaralan ang responsibilidad na masiguro ang pagkapribado ng anu mang mga impormasyong nagbibigay ng pagpapakilala. Ang lahat ng taong nagtitipon o gumagamit ng mga impormasyong pampersonal na pagpapakilala ay kinakailangang pumailalim sa isang pagsasanay o pagtuturo ukol sa mga patakaran at pamamaraan ng estado sa pagka-pribado sa ilalim ng IDEA at FERPA. Kailangang mangalaga ang paaralan, para sa pagsiyasat ng publiko, ang isang pangkasalukuyang listahan ng mga pangalan at tungkulin ng mga empleyado sa loob ng paaralan na maaaring may paraang makuha ang mga impormasyong pampersonal na pagpapakilala.

- **Amending Records (Pagbabago ng Mga Rekord)** Kung naniniwala ka na ang pang-edukasyong rekord ng iyong anak ay hindi wasto, nakakalinlang, o lumalabag sa mga karapatan ng iyong anak, maaari mong hingin sa paaralan na baguhin ang mga impormasyon. Sa loob ng risonableng panahon, kailangang pagpasyahan ng paaralan kung babaguhin ang impormasyon. Kung tumanggi ang paaralan na baguhin ang hiniling na impormasyon, kailangang masabihan ka ng kanilang pagtanggi at ng

iyong karapatang sa isang pagdinig upang hamunin ang impormasyon sa rekord.. Ang uri ng pagdinig na ito ay tinuturing isang lokal na pagdinig sa ilalim ng FERPA at hindi ito isang pagdinig sa IDEA due process na ginaganap sa harap ng isang hearing officer na walang kinikilingan.

Kung, sa resulta ng pagdinig, magpasya ang paaralan na ang impormasyon ay hindi wasto, nakakalinlang, o kaya'y lumalabag sa pagka-pribado o ibang karapatan ng iyong anak, kailangang palitan ang impormasyon at sabihan ka sa isang sulat. Kung, bilang resulta ng pagdinig, magpasya ang paaralan na wasto, hindi nakakalinlang, o di lumalabag sa pagka-pribado o ibang karapatan ng iyong anak, kailangang masabihan ka ngiyong karapatang maglagay ng pahayag ng pagpuna sa impormasyon sa rekord ng iyong anak habang ang rekord o parte nito na pinagtatalunan ay pinamamahalaan ng paaralan.

Kung babawiin mo ang iyong pagpayag sa isang sulat para sa pagtanggap ng iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo pagkatapos na maumpisahang ibigay ang mga serbisyong ito sa kanya ng paaralan, hindi obligado ang paaralan na baguhin ang pang-edukasyong rekord ng iyong anak para mabura ang anu mang pagtukoy sa kanyang pagtanggap ng mga serbisyong special education. Gayunpaman, karapatan mo pa ring hingin sa paaralan na baguhin ang rekord ng iyong anak kung naniniwala ka na ang rekord ay hindi wasto, nakakalinlang, o lumalabag sa mga karapatan ng iyong anak.

- ♦ **Pangangalaga at Pagsisira** Kailangang protektahan ng paaralan ang pagkapribadong impormasyon ng mga rekord ng iyong anak sa pagtitipon, pagtatago, pagsisiwalat, at mga hakbang ng pagsira. Tinutukoy ng e*ducation records* ang mga uri ng rekord na pumapailalim sa kahulugan ng education records sa 34 CFR Bahagi 99. Ang *Pagsira* o *Destruction* ay tumutukoy sa pisikal na pamamaraan ng pagsira o pagbura ng mga pampersonal na pampakilala sa mga impormasyon upang hindi na maging sanhi ng pagkilala ang mga impormasyon. Kailangang sabihan ka ng paaralan kapag ang impormasyon sa rekord ng iyong anak ay hindi na kakailanganin sa pagbigay ng serbisyong pang-edukasyon sa iyong anak. Kailangang sirain ang mga impormasyon sa iyong kahilingan maliban sa pangalan, tirahan, telepono, antas, rekord ng pagpasok, mga klase na pinasukan, antas na tinapos, at taon ng pagtatapos.

- ♦ **Paunawa sa Mga Magulang** Kailangang magbigay ang TEA ng angkop na paunawa para lubos na masabihan ang mga magulang ukol sa pagtatago ng maseselang impormasyong makapagbibigay ng katauhan, kasama na ang paglalarawan ng sakop ng paunawa na ibinigay sa mga katutubong wika ng mga ibat-ibang naninirahan sa estado; isang paglalarawan ng mga bata kung saan ang mga impormasyong makapagpapakilala ay pinananatili, mga uri ng impormasyon na hinahangad, mga pamamaraan na gagamitin upang matipon ang mga impormasyon, kasama ang mga pinanggalingan ng mga impormasyon, at ang mga paggagamitan ng mga impormasyon; isang buod ng mga patakaran at pamamaraan na sinusunod ng mga kasaling ahensya ukol sa pagtago ng impormasyon, pagsisiwalat sa pangatlong partido, pagtatago, at pagsira ng mga impormasyong nagbibigay ng pagpapakilala; at isang pagsasalarawan ng lahat ng mga karapatan ng mga magulang at mga anak ukol sa impormasyon, kasama na ang mga karapatan sa ilalim ng FERPA at ang mga pinapatupad na regulasyon sa 34 CFR Bahagi 99.

## ■ Boluntaryong Pagtatakda ng Mga Magulang sa Pribadong Paaralan

Mayroon kang mga tiyak na karapatan kapag boluntaryo mong nilagay ang iyong anak sa isang pribadong paaralan. Hindi inu-obliga ng IDEA ang isang pampublikong paaralan na magbayad para sa halaga ng edukasyon, kasama na ang special

education at mga kaugnay na serbisyo nito, para sa'yong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan o pasilidad kung ginawa ng pampublikong paaralan na makuha mo ang FAPE para sa'yong anak ngunit pinili mo pa ring ilagay ang bata sa pribadong paaralan o pasilidad. Gayunpaman, ang pampublikong paaralan kung saan naroon rin ang pribadong paaralan ay kinakailangan pa ring ibilang ang iyong anak sa mga sinisilbihan nila ng ganoong pangangailangan sa ilalim ng IDEA at ng mga inihahandog sa mga bata na itinakda ng mga magulang sa mga pribadong paaralan.

### ■ Pagtatakda sa Pribadong Paaralan ng Mga Magulang kapag May Problema ang FAPE

Mayroon kang mga tiyak na karapatan kapag nilagay mo ang iyong anak sa isang pribadong paaralan dahil hindi ka sumasang-ayon sa pampublikong paaralan patungkol sa kawalan ng akmang programa para sa'yong anak.

Kung tumanggap ng special education at mga kaugnay na serbisyo ang iyong anak sa nakalipas na panahon sa ilalim ng kapangyarihan ng pampublikong paaralan at pinili mong ipasok ang iyong anak sa pribadong preschool, elementary school, o secondary school ng walang pagpayag o pagsangguni sa pampublikong paaralan, ang korte o hearing officer ay maaaring mag-obliga sa pampublikong paaralan na bayaran ka para sa ginastos mo sa pagpapalista kung mapagpasyahan ng korte o hearing officer na hindi inihandog sa'yong anak ang FAPE ng pampublikong paaralan sa wastong panahon bago kayo nagpalista at ang pribadong pagtatakda ay akma rin lamang. Maaaring mapagpasya ng hearing officer o korte na akma ang iyong pagtatakda, kahit na ang pagtatakda ay hindi alinsunod sa panukat ng estado na ginagamit sa edukasyon na hinahandog ng TEA at ng mga paaralan.

♦ **Hangganan ng Pagbabayad** Ang halaga ng pagbabayad na inilarawan sa talata sa itaas ay maaari ring ibaba o itanggi kung sa pinaka-huling pagpupulong ng komiteng ARD na dinaluhan mo bago mo inalis ang iyong anak sa pampublikong paaralan, ay hindi mo nasabihan ang komite na tinatanggihan mo ang pagtatakda na minungkahi ng pampublikong paaralan upang mabigyan ng FAPE ang iyong anak, kasama rin ang pagpapahayag ng iyong mga pagbabahala at iyong pagbalak na ilista ang iyong anak sa pribadong paaralan na gagastusan ng publiko; o di kukulang sa 10 araw ng pangangalakal, kasama na ang anu mang mga pista na nagaganap sa araw ng pangangalakal, bago mo tinanggal ang iyong anak sa pampublikong paaralan, hindi ka nagbigay ng nakasulat na paunawa sa pampublikong paaralan ukol sa impormasyon na iyon; o, bago mo tinanggal ang iyong anak sa pampublikong paaralan, nagbigay sa'yo ang pampublikong paaralan ng paunang nakasulat na paunawa ng kanilang balak na suriin ang iyong anak, kasama ang isang pahayag ng kanilang layunin ng pagsusuri na akma at risonable, ngunit hindi mo pinapunta ang bata sa pagsusuri; o napag-alaman ng korte na ang iyong mga isinagawa ay hindi risonable.

Gayunpaman, ang halaga ng bayarin ay hindi dapat bumaba o itanggi kung nabigo sa pagbigay ng paunawa kung ang pampublikong paaralan ay hinadlangan ka sa pagbigay ng paunawa; hindi ka nakatanggap ng paunawa ng iyong responsibilidad na magbigay ng paunawa na sinalarawan sa itaas; o ang pagtupad sa mga pangangailangan sa itaas ay malamang na maging sanhi ng pisikal na pinsala sa iyong anak. Sa pagpapasya ng korte o hearing officer, ang halaga ng babayaran ay maaaring hindi ibaba o itanggi dahil sa yong pagkabigo na magbigay ng kinakailangang paunawa kung ikaw ay hindi marunong magbasa o sumulat sa Ingles; o kung ang pagsunod sa pangangailangan sa itaas ay malamang na maging sanhi ng malubhang pinsala sa damdamin ng iyong anak.

### ■ Paglipat ng Pangmagulang na Karapatan

Ang lahat ng pangmagulang na karapatan sa ilalim ng paglilipat ng IDEA sa bata kapag siya ay umabot sa hustong gulang. Ang hustong gulang (age of majority) sa ilalim ng batas ng Texas ay edad 18 anyos. Para sa karamihan ng mga bata, lahat ng mga

karapatan ng magulang na tinalakay sa dokumentong ito ay malilipat sa bata kapag sya ay umabot sa edad 18 anyos. Kapag ang mga karapatan ng magulang ay malipat sa hustong gulang na mag-aaral, sya ay may karapatang gumawa ng mga pagpapasya sa edukasyon, bagaman ang publikong paaralan ay dapat pa ring paglaanan ka ng mga pagpupulong ng komiteng ARD at mga maagang nakasulat na paunawa. Ngunit ikaw ay maaaring hindi pwedeng dumalo sa mga pagtitipon maliban kung ikaw ay inanyayahan ng mag-aaral na may hustong gulang o ng paaralan o maliban kung ang iyong mag-aaral na nasa hustong gulang ay binigyan ka ng karapatan sa isang suportadong kasunduan para sa paggawa ng desisyon.

- **Tagapag-alaga na hinirang ng Korte (Court-appointed Guardian) para sa Mag-aaral na nasa Hustong Gulang** Kung ikaw o ang ibang tao ay hinirang ng korte bilang ligal na tagapag-alaga (legal guardian) ng mag-aaral na may hustong gulang, ang mga karapatan sa ilalim ng IDEA ay hindi ililipat sa mag-aaral na may hustong gulang. Ang ligal na hinirang na tagapag-alaga (legally-appointed guardian) ang tatanggap ng mga karapatan.

- **Nakulong na Mag-aaral na May Hustong Gulang (Incarcerated Adult Student)** Kung ang mag-aaral na may hustong gulang ay makulong, lahat ng mga karapatan ng IDEA ay ililipat sa mag-aaral sa kanyang pag-abot ng edad 18. Hindi mo mapapanatili ang karapatang tumanggap ng mga maagang nakasulat na paunawa na may kaugnayan sa special education.

- **Mga Mag-aaral na May Hustong Gulang bago umabot ng edad 18** May ilang kundisyon na isinalarawan sa Kabanata 31 ng Texas Family Code na naging sanhi sa batang magkaroon ng hustong gulang bago pa umabot ng edad 18. Kung ang iyong anak ay determinadong maging isang may hustong gulang sa ilalim ng kabanata na ito, ang mga karapatan sa ilalim ng IDEA ay malilipat sa iyong anak sa oras na iyon.

- **Mga Altenatibo sa Pangangalaga** Dapat igalang ng pampublikong paaralan ang balidong power of attorney o balidong suportadong kasunduan sa pagsasagawa ng desisyon na isinakatuparan ng iyong adulto na mag-aaral.

- **Mga Kinakailangang Paunawa at Impormasyon** Bago ang Sa ika-17 araw o bago aika-17 na araw ng iyong anak, ang publikong paaralan ay dapat magbigay sa iyo ng at sa iyong anak ng nakasulat na paunawa na naglalarawan sa paglipat ng karapatan at nakapaloob ang impormasyong ukol sa pangangalaga (guardianship) at mga alternatibo sa pangangalaga, kabilang ang mga suportadong kasunduan para sa paggawa ng desisyon, at iba pang mga suporta at serbisyo na maaring makatulong sa iyong bata na mabuhay ng may kasarinlan. Simula sa taon ng paaralan na 2018-2019, dapat ding ipahayag ng IEP ng iyong anak na ibinigay ng pampublikong paaralan ang impormasyon na ito.

  Sa ika-18 kaarawan ng iyong anak, dapat kang bigyan at ang iyong anak ng pampublikong paaralan ng pasulat na paunawa na ang pangmagulang na karapatan ay inilipat na sa adultong mag-aaral. Simula sa taon ng paaralan na 2018-2019, ang pasulat na paunawa na ito ay dapat maglaan ng impormasyon at mga pinagkukunan tungkol sa pangangalaga, kabilang ang sinuportahang mga kasunduan sa paggawa ng desisyon, at iba pang mga suporta at serbisyo na maaaring makatulong sa inyong anak sa pamumuhay ng malaya. Dapat ding maglaman ang pasulat na paunawa ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan na gagamitin sa paghahanap ng karagdagang impormasyon.

## ■ Impormasyon sa Special Education

Kung kakailanganin mo ng impormasyon ukol sa mga isyung hinaharap ng special education, maaari mong tawagan ang Special Education Information Center sa 1-855-SPEDTEX (1-855-773-3839). Kung tatawagan mo ang parehong numero na ito at mag-iwan ng mensahe, ibabalik ang iyong tawag kapag mga normal na oras ng serbisyo. Ang mga Indibidwal na bingi o hirap sa pagdinig ay maaari

ring tumawag sa teleponong nabanggit sa itaas gamit ang Relay Texas sa 7-1-1.

## ■ Paglutas ng Mga Di Pagkaka-unawaan

Maaaring may mga pagkakataon kapag ikaw ay hindi sumang-ayon sa naging pagpapasya ng paaralan ukol sa mga serbisyong special education ng iyong anak. Ikaw ay hinihimok na makipag-tulungan sa mga tauhan ng paaralan na malutasan ang inyong mga hindi sinasang-ayunan kapag ito ay nagaganap. Maaari mong alamin sa sa paaralan kung ano ang mga pagpipiliang paglutas sa mga reklamo na kanilang handog sa mga magulang. May apat na pagpipilian para sa paglutas ng mga di pagkaka-unawaan sa special education na handog ang TEA: mga serbisyo ng pagtulong sa IEP ng estado, mga serbisyo ng pamamagitan, ang prosesong pang-special education na paglutas sa reklamo, at programa ng kinakailangang proseso sa pagdinig.

## ■ Mga Serbisyo ng Pagtulong Sa IEP ng Estado

Gaya ng ipinaguutos ng batas ng estado, bumuo ang TEA ng isang proyektong maghahandog ng mga malayang IEP facilitator na tutulong sa isang pagpupulong ng komiteng ARD kasama ang mga partidong may pagtatalo sa mga pagpapasya na may kinalalaman sa mga handog ng FAPE sa isang mag-aaral na may kapansanan. Ang mga kundisyon na dapat masunod upang maghandog ang TEA ng mga malayang facilitator ay ang mga sumusunod:

- Ang kinakailangang request form ay tapos na nasagutan at napirmahan mo at ng paaralan. Ang hinihinging request form ay nasa Ingles at Kastila sa: http://tea.texas.gov/Academics/Special_Student Populations/Special_Education/Programs_and_Services/Individualized_Education_Program_Facilitation/. Ang form ay mahihiling rin mula sa TEA. Ang impormasyon sa pag-contact ay matatagpuan sa dulo ng dokumentong ito.
- Ang pagtatalo ay may kinalalaman sa isang pagpupulong ng komiteng ARD kung saan kapwa nagkasang-ayon ukol sa isa o higit pa ng mga elementong hinihingi ng IEP ay hindi nakamit at pumayag ang komiteng ARD na mag-recess at saka ay bumalik sa pagpupulong.
- Kailangang nakapag-file ka at ang paaralan ng hinihinging request form sa loob ng limang araw ng kalendaryo ng pagpupulong ng komiteng ARD na natapos sa pagtatalo, at kailangang may facilitator sa araw na tinakda na bumalik ang pagpupulong.
- Wala dapat na kinalalaman ang pagtatalo sa “manifestation determination” (pag-aalam kong pakita lang) o pag-aalam ng IAES.
- Hindi kayo ng paaralan kasalukuyang sangkot sa isang pamamagitan ng special education.
- Ang isyung pinagtatalunan ay hindi dapat paksa ng isang reklamo sa special education o kinakailangang prosesong pagdinig sa special education
- Hindi pa dapat kayo nakadalo ng paaralan sa IEP facilitation para sa batang ito sa loob ng parehong taon ng pagpasok sa paaralan ng pag-file ng pangkasalukuyang hiling para sa IEP facilitation

## ■ Mga Serbisyo ng Pamamagitan

Ang pamamagitan ay isa sa mga hinahandog na pagpipilian na ginagamit para lutasan ang mga di pagkaka-unawaan patungkol sa katauhan ng bata, pagsusuri, pagtatakdang pang-edukasyon, at ng FAPE. Kung pareho kayo ng paaralan na sumasang-ayon na sumali sa pamamagitan, gagawa ng pag-aayos ang TEA para sa pamamagitan. Hindi maaaring gamitin ang pamamagitan para ipagpaliban o ipagkait ang kinakailangang proseso ng pagdinig o ano pang ibang mga karapatan sa ilalim ng IDEA

Awtomatiko ang paghandog ng TEA ng mga serbisyong pamamagitan sa bawat oras na may humiling ng kinakailangang proseso ng pagdinig. Ngunit, maaari kang humingi ng serbisyong pamamagitan ano mang oras ikaw at ng paaralan ay magkaroon ng di pagkaka-unawaan patungkol sa programa ng special education ng iyong anak.

Ang mga namamagitan ay hindi empleyado ng TEA o ng anu mang paaralan sa Texas, at wala dapat

silang pampersonal o pampropesyonal na interes na magiging sanhi ng hidwaan sa kanilang pagiging makatarungan. Ang mga namamagitan ay mga propesyonal na kwalipikado at nagsanay sa paglutas ng mga pagtatalo at may kaalaman sa mga batas ng special education. Ang papel ng namamagitan ay ang maging makatarungan at hindi kumampi sa sino mang partido sa pamamagitan. Layunin ng pamamagitan na tumulong sa'yo at sa paaralan na makamit ang isang kasunduan na magbibigay kasiyahan sa inyo.

Matatagpuan ang listahan ng mga pangkasaluku - yang namamagitan sa: http://tea.texas.gov/index4.aspx?id=5087.

Kung sasang-ayon ka at ang paaralan sa pamamagitan, maaari kayong sumang-ayon na gumamit ng partikular na namamagitan o isang namamagitan ang mapipiling italaga sa inyo. Sa anu mang kaso, tatawagan kayo ng namamagitan sa wastong oras upang itakda ang pamamagitan sa oras at lugar na maalwan sa'yo at sa paaralan. Ang talakayan na magaganap sa pamamagitan ay pribado at hindi maaaring gamitin na ebidensya sa mga hinaharap na kinakailangang proseso ng pagdinig o paglilitis.

Kung ikaw at ang paaralan ay nagkasundo, ikaw at ang awtorizadong kinatawan ng paaralan ay pipirma sa nakasulat na kasunduan. Ang kasunduan ay ligal na ipagtitibay at maaaring ipatupad sa isang korte na may kapangyarihan sa ilalim ng batas ng estado na duminig ng mga ganitong uri ng kaso o sa Pederal na korteng distrito.

Matatagpuan mo ang karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pamamagitan sa TEA website sa http://tea.texas.gov/index4.aspx?id=5087

## ■ Prosesong Pang-Special Education na Paglutas sa Reklamo

Ang isa pang paraan ng paglutas ng pagtatalo sa special education ay ang prosesong pang-special education na paglutas sa reklamo ng TEA. Kung naniniwala ka na isang ahensyang pampubliko ang lumabag sa isang kinakailangan sa special education, maaari kang magpadala ng nakasulat na reklamo sa TEA sa direksyon na binigay sa dulo ng dokumentong ito. Kailangan mo ring ipadala ang iyong reklamo sa entidad na inirereklamo mo sa kasong ito. Ang anu mang samahan o indibidwal ay maaaring magsampa ng reklamo sa TEA. Ang talaarawan ng reklamo ay magsisimula sa susunod na araw ng negosyo pagkatapos ng araw na matanggap ng TEA ang reklamo. Kailangang isalarawan ng iyong nakasulat na reklamo ang paglabag na naganap ng hindi hihigit sa isang taon bago sa petsa ng pagkatanggap ng reklamo. Kailangang nakasaad sa reklamo ang: pahayag na ang ahensyang pampubliko ay lumabag sa kinakailangan ng special education; ang mga katotohanan na basihan ng pahayag; ang iyong lagda at impormasyon ng iyong pakikipag-ugnayan; isang mungkahing sagot sa suliranin base sa lawak ng iyong kaalaman sa panahon na iyon; at, kung ang reklamo ay nauukol lang sa isang partikular na bata, ang pangalan at tirahan ng bata o paraan ng pakikipag-ugnayan sa kanya kung ang bata ay walang tirahan, at pangalan ng paaralan ng bata.

Bibigyan ka ng pagkakataon ng TEA na magharap ng karagdagang impormasyon o pumasok sa isang boluntaryong pamamagitan. Bibigyan ng TEA ang ahensyang pampubliko ng pagkakataong tumugon sa reklamo at ng pagkakataon na magharap ng isang mungkahi na kalutasan ng reklamo.

Sa loob ng 60 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang iyong nakasulat na reklamo, maliban na lang kung patagalin pa dahil sa mga espesyal na kalagayan o kasunduan ng partido, magsasagawa ang TEA ng imbestigasyon, kasama na ang isang imbestigasyon sa mismong pook ng pangyayari, kung kinakailangan. Pag-aaralan ng TEA ang lahat ng makabuluhang impormasyon at tityakin kung ang ahensyang pampubliko ay lumabag sa kinakailangan ng special education. Bibigyan ka ng nakasulat na pagpapasya na sumasagot sa bawat paratang kasama na ang mga napag-alaman na katotohanan, mga kapasyahan, at mga dahilan para sa pasya ng TEA.

Kung matiyak ng TEA na lumabag ang ahensyang pampubliko sa kinakailangan ng special education, kailangan ng ahensyang pampubliko na gumawa ng mga akmang hakbang para masagot ang mga natagpuang paglabag, kasama na ang paglahok sa mga aktibidad ng teknikal na pagtulong, mga negosasyon, at mga pag-remedyo. Kasama sa pag-remedyo ang pagbibigay ng mga serbisyo para

bumawi sa mga serbisyong hindi naibigay sa isang partikular na bata o grupo ng bata at mga akmang serbisyo na itutustos sa hinaharap para sa lahat ng mga batang may kapansanan. Ang mga kapasyahan ng TEA patungkol sa iyong reklamo ay pinal at hindi maaaring ma-apila. Gayunpaman, ang pagsampa ng reklamo ay hindi kawalan ng iyong karapatan na humiling ng pamamagitan o kinakailangang proseso ng pagdinig.

Kung ikaw ay nagsampa ng reklamo at humiling ng kinakailangang proseso ng pagdinig patungkol sa mga parehong isyu, kailangan ng TEA na itabi ang anu mang mga isyu sa reklamo na sinasagot sa kinakailangang proseso ng pagdinig hanggat matapos ang pagdinig. Ang anu mang isyu sa reklamo na hindi parte sa kinakailangang proseso ng pagdinig ay malulutasan sa loob ng itineraryo at mga pamamaraan na nilarawan sa dokumentong ito. Kung ang isang isyu na hinarap sa isang reklamo ay pinagpasyahan sa kinakailangang proseso ng pagdinig na kinasasangkutan rin ng mga parehong partido, ang pasya sa pagdinig ay ipagtitibay sa parehong isyu.

Matatagpuan mo ang karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagreklamo at mga form sa "complaint investigation" (imbestigasyon sa mga reklamo) sa TEA website sa:
https://tea.texas.gov/Academics/Special_Student Populations/Special_Education/Dispute_ Resolution/Special_Education_Dispute Resolution_Processes/.

■ **Due Process Hearing (Programa ng Kinakailangang Proseso ng Pagdinig)**

Ang pang-apat na pagpipilian para sa paglutas ng mga pagtatalo sa special education ay ang programa ng kinakailangang proseso ng pagdinig. Sa kinakailangang proseso ng pagdinig, ang isang hearing officer na walang kinikilingan ay didinig sa ebidensya mula sa mga partido at bubuo ng isang ipagtitibay na ligal na pagpapasya.

May karapatan kang humiling ng isang kinakailangang proseso ng pagdinig sa anu mang paksa na may kaugnayan sa pinagkakakilanlan, pagsusuri o pang-edukasyong pagtatakda ng iyong anak, o sa pagtutustos ng FAPE sa iyong anak. Kung ang reklamo ng kinakailangang proseso ay kinasasangkutan ng pagpapalista para sa pangunang pagtanggap sa pampublikong paaralan, ang iyong anak, sa iyong pagpayag, ay kailangang maitalaga sa programa ng regular na pampublikong paaralan hanggang matapos ang pagdinig.

Kailangan mong humiling ng kinakailangang proseso ng pagdinig sa loob ng isang taon ng petsa na nalaman mo o dapat mong nalaman ang tungkol sa di-umanong pagkilos na naging basihan ng hiniling na pagdinig. Ang isang-taong talaarawang ito ay pwede ring tukuying kautusang limitasyon. Walang bisa sa iyo ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari kung ikaw ay hinadlangang humiling ng pagdinig ng dahilan sa mga partikular na maling representasyon ng paaralan na kinailangan nilang lutasin ang problema, o dahil itinago sa'yo ng paaralan ang mga impormasyon na kinailangang ibigay sa'yo. Sa ilang kalagayan, ang isang-taon na kautusang limitasyon, kung humuling ng kinakailangang proseso ng pagdining ay maaring magbayad – o mahinto – kung ikaw ay isang aktibong miyembro ng Sandatahang Lakas, ng Commisioned Corps of the United States Public Health Service, at kung ang mga probisyon ng kautusang limitasyon ng batas pederal na kilala bilang Servicemembers Civil Relief Act ay akma sa iyo, Kung hiniling mo ang kinakailangang proseso ng pagdinig, kargo mo na patunayan na ang paaralan ay lumabag sa isang kailangan ng special education. Sa may ilang mga sitwasyon, maaari ring humiling ang paaralan ng kinakailangang proseso ng pagdinig laban sa'yo. Sa ganitong mga sitwasyon, kargo naman ng paaralan ang maghain ng pruweba.

Bago mo ihabla ang paaralan sa korte patungkol sa anu mang mga bagay na nilista sa itaas, kailangan mong humiling ng kinakailangang proseso ng pagdinig. Kung hindi ka pa lumahok sa kinakailangang proseso ng pagdinig, ang iyong mga demanda sa korte ay maaaring isangtabi.

♦ **Paghiling ng Kinakailangang Proseso ng Pagdinig** Para humiling ng pagdinig, ikaw o ang isang abogado na kumakatawan, o iyong tagataguyod ay kailangang magpadala ng nakasulat na hiling para sa kinakailangang proseso ng pagdinig sa TEA sa direksyon sa dulo ng dokumentong ito.

Matatagpuan mo ang form ng paghiling ng kinakailangang proseso ng pagdinig sa TEA website sa: http://tea.texas.gov/index4.aspx?id=5090. https://tea.texas.gov/About_TEA/Legal_Services/Special_Education/Due_Process_Hearings/Office_of_Legal_Services,_Special_Education_Due_Process_Hearing_Program/.

Hindi mo kailangang gamitin ang form ng TEA, ngunit ang iyong hiling ay kailangang naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon: pangalan at tirahan ng iyong anak, o impormasyon ng pakikipag-ugnayan kung sya ay walang tahanan; pangalan ng paaralan ng bata; isang paglalarawan ng problema ng iyong anak, kasama ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; at isang kapasiyahan ng problema na iyong minumungkahi sa lubos ng iyong kaalaman sa oras na iyon.

Kung hihilingin mo ang pagdinig, kailangan mong magpadala ng kopya ng iyong nakasulat na hiling sa paaralan. Maaaring hindi ka magkaroon ng pagdinig hanggang napadala mo ang hiling na papasa sa lahat ng kinakailangan sa itaas. Sa loob ng 10 araw ng kalendaryo na natanggap ang iyong paunawa ng reklamo, kailangang padalhan ka ng paaralan ng kanilang pagtugon na papasa sa mga kinakailangan ng pangunang nakasulat na paunawa maliban na lang kung ito ay nagawa na. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkakatanggap ng iyong hiling, kailangang masabihan ng paaralan ang hearing officer at ikaw kung naniniwala sila na hindi mo napadala ang lahat ng mga kinakailangang impormasyon. Mayroong limang araw ng kalendaryo ang hearing officer na pag-aralan kung sapat ang mga impormasyon sa iyong hiling.

Maaari mo lamang susugan – o baguhin ang iyong hiling kung sumasang-ayon ang paaralan o kung ang hearing officer ay magbigay sa'yo ng permiso ng hindi tatagal ng limang araw ng kalendaryo bago dumating ang pagdinig. Maaaring hindi ka pwedeng magharap ng mga isyu sa pagdinig na hindi nakasaad sa hiling. Kung ang partidong nag-file, ikaw o ang paaralan, ay gumawa ng mga pagbabago sa hiling, ang itineraryo ng kapasiyahan at ang panahon para sa kapasiyahan ay magsisimula ulit sa petsa na isinampa ang binagong hiling.

Kailangang mabigyan ka ng impormasyon ng anu mang mga libre o murang ligal at makabuluhang serbisyo na inihahandog sa inyong lugar, kung hiniling mo ang mga impormasyon, o kung ikaw o ang paaralan ang magsampa ng reklamo ng kinakailangang proseso ng pagdinig.

**♦ Resolution Period (Panahon ng Resolusyon)**
Maliban na lang sa kaso ng pinadaling pagdinig (Tignan ang mga itineraryo ng pinadaling kapasiyahan sa ibaba), sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng iyong hiling para sa kinakailangang proseso ng pagdinig, kailangang magpulong kayo ng paaralan sa tinatawag na *resolution meeting*, kung saan dadalo ang isang kinatawan ng paaralan na may kapangyarihang gumawa ng kapasiyahan, at mga makabuluhang kasapi ng komiteng ARD na pinili mo at ng paaralan. Maaaring ang dumalo sa pagpupulong ay isang abogado para sa paaralan kung may kasama kang abogado sa pagpupulong.

Maliban na lamang kung ikaw at ang paaralan ay kapwa sumang-ayon sa isang kasulatan na hindi na isagawa ang proseso ng kapasiyahan o gamitin sa halip ang pamamagitan, dapat isagawa ang resolution meeting. Kapag hindi ka nakilahok sa resolution meeting, ang timeline para sa proseso ng resolusyon at pagdinig ay maaantala hanggang maisagawa ang pagpupulong.

Kung nagsagawa ng paaralan ng resonableng pagsisikap upang mapadalo ka sa resolution meeting, ngunit hindi ka dumalo, sa gayon sa pagtatapos ng 30 araw ng kalendaryong panahon ng kapasiyahan, ang paaralan ay humiling na isangtabi ng hearing officer ang iyong hiling ng kinakailangang proseso ng pagdinig. Kailangang may kakayahan ang paaralan na nagsagawa ito ng resonableng pagsisikap para padaluhin ka sa resolution meeting gamit ang sumusunod na dokumentasyon: isang rekord ng mga pagtatangka nila na umareglo ng kapwa ninyong sasang-ayunan na oras at lugar, gaya ng detalyadong rekord ng tawag sa telepono na ginawa o tinangkang tawag at ang mga resulta ng mga tawag na iyon; mga kopya ng liham na pinadala sa'yo at ano mang mga tugon na natanggap; at detalyadong rekord ng mga

bisitang ginawa sa iyong tahanan o lugar ng trabaho at mga resulta ng mga bisitang iyon.

Kung mabigo ang paaralan na gawin ang resolution meeting sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng iyong hiling o mabigong dumalo sa resolution meeting, maaari mong hingin sa hearing officer na ipag-utos na simulan ang itineraryo ng 45 araw ng kalendaryong pagdinig.

Karaniwan, ang panahon ng resolusyon ay tumatagal ng 30 araw ng kalendaryo. Gayunpaman, kung ikaw at ang paaralan ay sumang-ayon sa isang kasulatan na hindi na gawin ang resolution meeting, magsisimula sa susunod na araw ng kalendaryo ang itineraryo ng 45 araw ng kalendaryong pagdinig. Gayundin, kapag sinimulan mo at ng paaralan ang proseso ng pamamagitan o ang resolution meeting, ngunit bago matapos ang ang 30 araw ng kalendaryong panahon ng kapasiyahan, ikaw at ang paaralan ay sumang-ayon sa isang kasulatan na hindi posibleng magkaroon ng kasunduan, magsisimula sa susunod na araw ng kalendaryo ang 45 araw ng kalendaryong pagdinig. Sa huli, kung ikaw at ang paaralan ay sumang-ayon na gamitin ang proseso ng pamamagitan sa pagtatapos ng 30 araw ng kalendaryong panahon ng kapasiyahan hanggang maka-abot sa isang kasunduan. Gayunpaman, kung ikaw o ang paaralan ay umurong sa proseso ng pamamagitan, ang itineraryo ng 45 araw ng kalendaryong pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw ng kalendaryo.

Layunin ng resolution meeting na mabigyan ka ng pagkakataong talakayin at madinig ng paaralan ang iyong hiling at ang mga naka-kubling katotohanan at mabigyan ang paaralan ng pagkakataong bigyan ng kalutasan ang pagtatalo na naging basehan ng iyong hiling. Kung makabuo kayo ng kasunduan sa pagpupulong, kailangan ninyo ng paaralan na gumawa ng kasulatan ng kasunduan at pirmahan ito. Ang kasulatang kasunduan na ito ay ipapasunod sa isang korte na may kapangyarihan sa ilalim ng batas ng estado na duminig sa ganitong tipo ng kaso o sa pederal na korteng distrito maliban na lang kung isa sa mga partido ay ipa-walang bisa ang kasunduan sa loob ng tatlong araw ng serbisyo ng petsa na pinirmahan ito.

Kung hindi mapag-pasyahan ng paaralan ang mga isyung natalakay sa hiling sa iyong kasiyahan sa loob ng 30 araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng iyong hiling, ang timeline na 45 araw ng pagdinig ay mag-uumpisa at maaaring magpatuloy ang pagdinig.

- **Ang Resolution Meeting sa mga Pinadaling Pagdinig** Para sa mga pinadaling pagdinig, kailangang humarap sa isang resolution meeting ang paaralan sa loob ng pitong araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang hiling para sa pinadaling kinakailangang proseso ng pagdinig. May karapatan ka sa isang pagdinig kung hindi pa napagpasyahan ng paaralan ang mga isyu na natalakay sa iyong hiling sa iyong kasiyahan sa loob ng 15 araw ng kalendaryo. Ang pagdinig ay dapat mangyari sa loob ng 20 araw ng pasukan pagkatapos na matanggap ang hiling para sa kinakailangang proseso ng pagdinig. Ang opsiyal sa pagdinig ay dapat magpalabas ng huling desisyon sa loob ng 10 araw ng pasukan matapos ang pagdinig.

Ang TEA ay nagbibigay ng mga patas na hearing officer upang magsagawa ng pagdinig. Ang mga hearing officer ay hindi empleyado ng TEA o anumang ahensiya na sangkot sa edukasyon at pangangalaga ng iyong anak at hindi maaaring magkaroon ng personal o propesyunal na interes na makakasagabal sa kanyang pagkamakatwiran na pagdinig. Ang hearing officer ay dapat magtaglay ng kinakailangang kaalaman at kakayahan para magsilbi bilang hearing officer.

Ang TEA ay namamahala ng listahan ng mga hearing officer kasama rin ang mga katangiang kailangan ng bawat hearing officer. Ang listahang ito ay nasa TEA website sa http://tea.texas.gov/index4.aspx?id=5090. Maari mo ring hingin ang listahan mula sa TEA Office of Legal Services (Tanggapan ng Mga Serbisyong Ligal. Matatagpuan rin ang impormasyon ng pag-contact sa dulo ng dokumentong ito.

- **Child's Status during Proceedings (Katayuan ng Bata Habang Ginaganap ang Paglilitis) (Stay-put)** Habang ginaganap ang kinakailangang

proseso ng pagdinig at umapila ang anu mang korte, sa pangkalahatan ay mananatili ang iyong anak sa kanyang pangkasalukuyan na pang-edukasyong pagkakatakda, maliban na lang kung ikaw at ang paaralan ay magkasundo na hindi. Ang pananatili sa pangkasalukuyang kinalalagyan ay pangkaraniwang tinatawag na *stay-put.* Kung tatalakayin sa paglilitis ang disiplina, basahin ang bahagi ng pagdisiplina para sa mga pagtatalakay ng pagtatakda ng bata habang ginaganap ang mga pagtatalo sa disiplina.

Kung tatalakayin sa pagdinig ang isang "application" para sa iyong anak na dati ay ipapasok sa pampublikong paaralan, kailangang mailagay ang iyong anak, kung ikaw ay papayag, sa programang pampublikong paaralan hanggang matapos ang lahat ng mga paglilitis. Kung ang bata ay magiging tatlong taong-gulang at siya ay lilipat mula sa *Early Childhood Intervention* **(ECI)** program (programa sa pakikialam sa maagang kamusmusan), ang stay-put ay hindi kasama sa mga serbisyo ng ECI. Kung ang bata ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng special education at pumayag ang magulang, ang mga serbisyo na hindi tinututulan ay dapat na ibigay.

- **Bago Ganapin Ang Pagdinig** Mga 'di kukulang sa limang araw ng serbisyo bago maganap ang kinakailangang proseso ng pagdinig, kailangan nyong isiwalat sa isat-isa ng paaralan ang anu mang ebidensya na ipapakilala sa pagdinig. Maaaring tumutol ang sino mang partido sa pagpapakilala ng ano mang ebidensya na hindi ibinahagi sa tamang oras. Maaaring magbawal ang hearing officer na ipakilala ang ebidensya kasama ang mga pagsusuri at mga rekomendasyon na hindi naisiwalat sa loob ng itineraryo.
- **Habang Ginaganap ang Pagdinig** Karapatan mong magdala at mapayuhan ng isang abogado at ng mga tao na may espesyal na kaalaman o pagsasanay sa mga batang may kapansanan. May karapatan kang magharap ng ebidensya, komprontahin, i-kros eksamen, at pilitin ang pagdalo ng mga saksi. Karapatan mong dalhin ang iyong anak at buksan ang pagdinig sa publiko. May karapatan ka na ipaganap ang bawat pulong ng pagdinig sa isang oras at lugar na risonableng maalwan sa iyo at sa iyong anak. Karapatan mong makakuha ng kasulatan o rekord na elektronik ng salita sa salita ng mga katotohanan at pagpapasya ng walang kabayaran sa iyo
- **Ang Kapasyahan**—Ang pasya ng hearing officer ay kailangang mabuo ng malamang katwiran base sa pagtitiyak kung ang iyong anak ay tumanggap ng FAPE. Kung ikaw ay magreklamo ukol sa kamalian ng pamamaraan, maaaring madiskubre lang ng hearing officer na hindi tumanggap ng FAPE ang iyong anak kung ang kamalian: ay humadlang sa karapatan ng iyong anak sa FAPE; ay pinagkaitan ang iyong anak ng kanyang mga benepisyong pang-edukasyon; o lubhang nakialam sa iyong pagkakataon na lumahok sa proseso ng pagbuo ng pagpapasya patungkol sa FAPE sa iyong anak.

Kailangang siguruhin ng TEA na makamit ang panghuling pasya at mapadala ito sa mga partido sa loob ng 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng katapusan ng 30 araw ng kalendaryong panahon ng kapasiyahan, o ang inayos na panahon ng kapasiyahan kung naaakma. Isang panghuling pasya ang kailangang makamit sa isang pinadaling pagdinig sa loob ng 10 araw ng pagpasok sa paaralan simula sa petsa ng pagdinig. Maaaring magkaloob ang hearing officer ng partikular na palugit para sa magandang dahilan sa kahilingan ng sino mang partido sa isang di pinadaling pagdinig. Maaaring hindi magkaloob ang hearing officer ng palugit sa isang pinadaling pagdinig. Ang pasya ng hearing officer ay panghuli, maliban kung ang isang partido ay umapila sa kapasyahan sa korteng estado o pederal. Ipapaskil ang pasya ng hearing officer sa TEA's website pagkatapos na matanggal ang lahat ng impormasyong pampersonal na pagpapakilala sa iyong anak.

Kailangang ipatupad ng paaralan ang pasya ng hearing officer sa loob ng panahong idinikta ng hearing officer, o kung walang idiniktang panahon, sa loob ng 10 araw ng pagpasok sa paaralan pagkatapos ng petsa ng kapasyahan ay ibinigay kahit na ang paaralan ay umapila sa pasya, maliban rin sa ang anu mang pagbabayad ng mga nakaraang gastos ay maaaring pigilin hanggang ang apila ay mapagpasyahan. Wala sa IDEA ang makaka-limita sa iyo na magsampa ng isa pang reklamo ng kinakailangang proseso sa isang isyu na hiwalay sa isyu na tinalakay sa naunang pagdinig.

♦ **Civil Action (Hablang Sibil)**—May karapatan kang umapila sa mga napag-alaman ng hearing officer at ang kanyang pasya sa korteng estado o pederal, ng hindi hihigit sa 90 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa na inilabas ang kapasyahan. Bilang bahagi ng proseso ng pag-apila, kailangang matanggap ng korte ang mga rekord ng kinakailangang proseso ng pagdinig, marinig ang karagdagang ebidensya sa kahilingan ng sino mang partido, at ibase ang pasya sa nangingibabaw na ebidensya, at maggawad ng anu mang akmang ginhawa.

Wala sa Bahaging B ng IDEA ang maglilimita ng mga karapatan, pamamaraan, at magagamit na remedyo sa ilalim ng U.S. Constitution (Saligang Batas ng Estados Unidos) o ng ibang batas pederal na nangangalaga sa mga karapatan ng mga bata na may kapansanan, maliban sa bago magsampa ng hablang sibil sa korte upang humingi ng ginhawa na maibibigay sa ilalim ng IDEA, kailangang gamitin ng magulang o paaralan ang kinakailangang pamamaraan ng proseso ng pagdinig na ipinagkaloob sa ilalim ng IDEA. Ang ibig sabihin nito ay kahit na mayroon kang remedyo sa ilalim ng ibang batas na nagsasanib-sanib sa mga batas sa ilalim ng IDEA, kailangan mong gamitin muna ang kinakailangang pamamaraan ng proseso bago magsampa ng habla sa korte.

Kapag ikaw ay manalo ng bahagi o lahat ng iyong hinihingi sa isang kinakailangang pamamaraan ng proseso ng pagdinig o sa korte, maaaring maggawad ang hukom sa iyo ng risonableng pambayad sa abogado at iba pang may kaugnayan na gastusin.

Hindi kasama sa gawad na pambayad sa abogado ang mga halaga na may kaugnayan sa pulong ng kapasiyahan o sa mga pagpupulong ng komiteng ARD, maliban na lang kung ang hearing officer o ang korte ay nag-utos ng pagpupulong ng komiteng ARD.

Hindi maaaring igawad sa'yo ang pambayad sa abogado o halaga ng gastos para sa trabahong nagawa pagkatapos ng panahon na ibinigay sa'yo ng paaralan ang nakasulat na handog ng pakikipag-ayusan kung: ginawa ng paaralan ang handog ng higit pa sa 10 araw ng kalendaryo bago nagsimula ang kinakailangang proseso ng pagdinig; hindi mo tinanggap ang handog sa loob ng 10 araw ng kalendaryo; at napag-alaman ng korte na ang ginhawa na iyong natanggap mula sa pagdinig ay hindi naman mas paburable.

Kailangang bawasan ng korte ang halaga ng pambayad sa abogado na igagawad sa'yo kung mapag-alaman nito na: pinatagal mo o ng iyong abogado ng walang risonableng dahilan ang pagtatalo; hindi risonableng paghigit ng pambayad sa abogado sa per orang singil ng ibang kagayang abogado para sa kagayang mga serbisyo sa inyong pamayanan; ang panahonhong ginugol ng iyong abogado ay sumobra sa gayung uri ng paglilitis; o nabigo ang iyong abogado na magbigay sa paaralan ng akmang impormasyon sa paunawa ng reklamo. Hindi kinakailangan ang pagbawas ng pambayad kung malaman ng korte na ang paaralan ay di risonableng pinahaba ang paglilitis o di-wasto ang kanilang ikinilos.

Kung manalo ang paaralan sa pagdinig o sa paglilitis sa korte, maaaring ipag-utos ng korte na bayaran mo o ng iyong abogado ang risonableng pambayad ng abogado kung ang iyong abogado ay nagsampa ng hiling para sa kinakailangang proseso ng pagdinig o sundan ng paghahabla na mapaglaro, di-risonable, o walang batayan, o ipagpatuloy ang paglitis pagkatapos na ang paglilitis ay klarong mapaglaro na lamang, di-risonable, o walang batayan. Maaaring kailanganin mo o ng iyong abogado na magbayad sa abogado ng paaralan kung ang iyong hiling para sa

kinakailangang proseso ng pagdinig o sumunod na paglilitis sa korte ay hinarap para sa ano mang di kanais-nais na layunin, gaya ng hangaring magligalig, gumawa ng sanhi ng di kinakailangang pag-aantala, o upang mapalaki ang gastos ng paglilitis ng walang kabagay-bagay.

**Impormasyong ng Pakikipag-Ugnayan**

Kung mayroon kang katanungan ukol sa mga impormasyon sa dokumentong ito o kailangan mo ng magpapapaliwanag sa'yo, makipag-ugnayan sa:

| **Impormasyon ng Lokal na Ugnayan** | | |
|---|---|---|
| Paaralan | Sentro ng Serbisyong Edukasyon | Ibang Mapagkukunan |
| Pangalan: | Pangalan: | Pangalan: |
| Telepono: | Telepono: | Telepono: |
| E-mail: | E-mail: | E-mail: |

Kung kailangan mo ng impormasyon tungkol sa isyung special education, maaari mong tawagan ang Special Education Information Center sa 1-855-SPEDTEX (1-855-773-3839). Kung tatawagan mo ang numerong iyon at mag-iwan ng mensahe, ibabalik ang iyong tawag kapag normal na oras ng serbisyo. Ang mga indibidwal na di nakakarinig o hirap na makarinig ay maaaring tumawag sa parehong numero sa itaas at gamitin ang Relay Texas sa 7-1-1.

Kung may katanungan ka tungkol sa nakabiting reklamo sa special education, tawagan ang Division of Federal and State Educational Policy ng TEA sa 512-463-9414. Kung may katanungan ka tungkol sa nakabitin na pamamagitan o kinakailangang proseso ng pagdinig, tawagan ang nakatakdang namamagitan o hearing officer.

**Kapag magpapadala ng nakasulat na kahilingan para sa mga serbisyo ng TEA, ipadala ang iyong liham sa:**

Texas Education Agency

1701 N. Congress
Avenue Austin, TX
78701-1494

**Tawagin ang pansin ng mga sumusunod na sangay:**

Division of Federal and State Education Policy (Sangay ng Pang-Edukasyong Patakarang Pederal at Estado)Proyektong IEP Facilitation ng Estado

Office of Legal Services (Tanggapan ng Serbisyong Ligal)
Special Education Mediation Coordinator (Taga-bagay ngApecial Education na Pamamagitan)

Division of Federal and State Education Policy (Sangay ng Pang-Edukasyong Patakarang Pederal at Estado)
Special Education Complaint Unit (Yunit ng Reklamo sa Special Education)

Office of Legal Services (Tanggapan ng Serbisyong Ligal)
Special Education Due Process Hearings (Kinakailangang Proseso ng Pagdinig sa Special Education)

**Bumisita sa TEA Division of Federal and State Education Policy website sa**
http://tea.texas.gov/index2.aspx?id=2147491399

FBISD
INSPIRE•EQUIP•IMAGINE

**Fort Bend Independent School District**
**Special Education Department**

**Sources for parent/adult student to contact to obtain assistance in understanding procedural safeguards, the ARD process, and questions/concerns:**

**Fort Bend ISD – Special Education Department**
**Phone:** (281) 634-1143 **Website:** https://www.fortbendisd.com/Domain/77

**Dr. Charles Dupre,** Superintendent
**Dr. Deena Hill,** Executive Director of Special Education
**Sherlea Maston,** Director of Special Education
**Christina Ritter,** Assistant Director of Special Education

| | |
|---|---|
| **Region IV Education Service Center**<br>7145 Tidwell Road<br>Houston, TX 77092<br>(713) 462-7708<br>www.esc4.net/specialeducation | **Texas Workforce Solutions**<br>**Vocational Rehabilitation Services**<br>6220 Westpark Suite 110<br>Houston, TX 77057<br>(713)267-8510<br>www.twc.state.tx.us |
| **The ARC of Fort Bend County**<br>123 Brooks Street<br>Sugar Land, TX 77498<br>(281) 491-5959<br>www.arcoffortbend.org | **Arc of Greater Houston – Familias Hispanas del Arc**<br>4410 Navigation Blvd.<br>Houston, TX 77011<br>(713) 957-1600 ext 117<br>Email Contact myrta@aogh,org |
| **Disability Rights, Texas**<br>1500 McGowen Street Suite 100<br>Houston, TX 77004<br>(713) 974-7691<br>Toll-Free Intake Line for New Callers: 1-800-252-9108<br>www.disabilityrightstx.org | **Learning Disabilities Association of Texas**<br>P.O Box 831392<br>Richardson, TX 75083 – 1392<br>www.ldatx.org<br>Email Contact: contact@ldatx.org |
| **Special Kids, Inc.**<br>9001 Airport Blvd. Suite 707<br>Houston, TX 77036<br>(713) 783-KIDS (5437)<br>www.specialkidsinc.com<br>Email Contact: info-help@specialkidsinc-tx.org | **Texas Project First**<br>www.texasprojectfirst.org<br>1-855-SPEDTEX (1-855-773-3839) |